# Abortion.ca.gov translation document

Address ng website: https://abortion.ca.gov/

## Header at footer sa bawat pahina

### Header

Opisyal na website ng Estado ng California

Access sa aborsyon sa California

### Navigation bar

- Home
- Ang iyong mga karapatan
  - Ang iyong mga legal na karapatan
  - Ang iyong pagkapribado
  - Mga taong may mga kapansanan
- Pagkuha ng aborsyon
  - Tungkol sa aborsyon
  - Mga uri ng aborsyon
  - Pagpaplano
- Suporta
  - Paano magbayad
  - Kalusugan at kagalingan
  - Mga komunidad
  - Mga estudyante sa pampublikong unibersidad
- Maghanap ng provider

### Footer

Pagtatatuwa: Ang website na ito ay para lamang sa pagbibigay ng impormasyon. Hindi ito nagbibigay ng legal at medikal na pagpapay o lumilikha ng ugnayan ng abogado-kliyente.

Karapatang ari © 2024 Estado ng California

Mga Pagsasalin

Pagkamaa-access

Mga kondisyon sa paggamit

Patakaran sa pagkapribado

Sertipikasyon sa pagkamaa-access

# Home page

## Legal at protektado ang aborsyon sa California

Ang aborsyon ay nananatiling ligtas, legal at maa-access sa California, ikaw man ay nakatira sa estado o hindi. Ang website na ito ay may pangkasalukuyan at tumpak na impormasyon tungkol sa kung paano mo maa-access ang mga serbisyo sa aborsyon sa California.

Maghanap ng provider

## Pinoprotektahan ng California ang iyong pagkapribado

Ang website na ito ay isang ligtas na espasyo para makahanap ka ng impormasyon tungkol sa aborsyon. Ang iyong impormasyon ay hindi naka-save o sinusubaybayan. Alamin pa ang tungkol sa iyong karapatan sa pagkapribado at digital na pagkapribado.

"Gusto kong malaman ng mga tao sa buong bansa at maraming bahagi ng mundo, na umaasa akong kami ang iyong lunas sa iyong takot, iyong labis na pag-aalala."

— Gavin Newsom, Gobernador ng California

## Mga hakbang sa aborsyon

Alamin kung anong mga hakbang ang maaaring isama kung pipiliin mong kumuha ng aborsyon.

## Mga uri ng aborsyon

Alamin pa ang tungkol sa ligtas at epektibong opsyon sa aborsyon na available sa iyo.

## Paano magbayad

Kahit wala kang insurance o pera, mayroong pinansyal na tulong.

## Impormasyon para sa mga partikular na grupo

- Mga taong nakatira sa labas ng California
- Mga imigrante at mga taong walang dokumento
- Mga taong naghahanap ng mga gamot sa aborsyon
- Mga taong mas gusto ang iba pang wika
- Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang

## Kumikilos ang California

Pagkatapos ng desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa Dobbs laban sa Organisasyong Jackson Women's Health, hindi nanahimik ang California. Alamin kung ano ang ginagawa namin upang maprotektahan ang mga karapatan at access sa aborsyon.

# Ang iyong legal na karapatan sa aborsyon

Sa ilalim ng batas ng California, ang sinumang nasa California na nagbubuntis ay may legal na karapatang pumili na magpalaglag bago ang viability. Ang pagbubuntis ay magiging viable ay kapag napagpasyahan ng doktor na kayang mabuhay ng fetus sa labas ng bahay-bata nang walang malulubhang hakbang na medikal.

Maaari kang kumuha ng aborsyon sa California sa anumang oras upang maprotektahan ang iyong buhay o kalusugan.

Sa California, ikaw ay mayroon ding karapatan sa pagkapribado kung pipiliin mong magkaroon ng aborsyon.

Ang ACLU of Northern California ay may buod ng mga karapatan sa aborsyon sa California.

## Sa pahinang ito


- Kung ikaw ay nakatira sa labas ng California
- Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang
- Ang iyong karapatan sa mga serbisyo sa aborsyon
- Paggamit ng insurance
- Legal na tulong
- Paano kumikilos ang California


## Kung ikaw ay nakatira sa labas ng California

Hindi mo kailangang maging residente ng California upang makatanggap ng pangangalaga sa aborsyon sa estado. Maaari kang bumiyahe sa California kung hindi kayang makakuha ng pangangalaga sa aborsyon na kailangan mo sa iyong estado.

## Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang

Sa California, ang mga tao, anuman ang edad, ay may karapatan na malayang magpahintulot sa sarili nilang pangangalaga sa aborsyon.

- Sinasagot ng American Civil Liberties Union of Southern California ang mga katanungan tungkol sa mga legal na karapatan at responsibilidad ng tinedyer na nauugnay sa kasarian, pagbubuntis, at pagiging magulang sa California.
- Ang Reproductive Health Equity Project for Foster Youth ay may impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang foster na kabataan sa California.

## Ang iyong karapatan sa mga serbisyo sa aborsyon

Habang maaaring tumanggi ang mga provider na magkaloob sa iyo ng mga serbisyo ng aborsyon batay sa kanilang mga personal na paniniwala, wala silang legal na karapatang ipataw ang kanilang mga paniniwala sa iyo o pigilan kang makakuha ng aborsyon.

Maghanap ng provider para sa aborsyon sa California na tumutugon sa iyong mga pangangailangan.

## Paggamit ng insurance

Karamihan sa mga pribadong plan ng insurance sa California ay saklaw ang aborsyon. Sa ilalim ng batas ng California, ang pangangalaga sa aborsyon ay pangunahing pangangalagang pangkalusugan. Ito ay nangangahulugan na maraming plano ay kinakailangang saklawin ang pangangalaga sa aborsyon.

Ang ilang pribadong plano ng insurance ay hindi saklaw ang aborsyon. Alamin sa iyong plano upang malaman kung saklaw nila ito.

Saklaw ng lahat ng plano ng Medi-Cal ang aborsyon, na kadalasang walang bayad para sa iyo.

Alamin pa ang tungkol sa kung paano magbabayad para sa aborsyon, kabilang ang sa pamamagitan ng Medi-Cal at iba pang pinansyal na tulong.

## Legal na tulong

Makipag-ugnayan sa Repro Legal Helpline para sa payo tungkol sa iyong estado at ang mga legal na isyung maaaring kaharapin mo.

- Tumawag sa 844-868-2812
- Punan ang ligtas na online form na ito

## Paano kumikilos ang California

Ang California ay gumawa ng iba't ibang pagkilos, kabilang ang pagpasa ng mga bagong batas, upang protektahan ang mga karapatan at pag-access sa aborsyon.

# Ang iyong pagkapribado

Nauunawaan namin na maaaring gusto mong mapanatili ang iyong pagkapribado tungkol sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap mo.

Ang website na ito ay isang ligtas na espasyo para makahanap ka ng impormasyon tungkol sa aborsyon. Ang iyong personal na impormasyon ay hindi naka-save o sinusubaybayan. Bisitahin ang aming mga kondisyon sa paggamit at patakaran sa pagkapribado upang matutunan ang tungkol sa limitadong impormasyon na aming kinokolekta upang matiyak na gumagana nang maayos ang website.

## Sa pahinang ito


- Ang iyong karapatan sa pagkapribado sa California
- Kung ikaw ay nakatira sa labas ng California
- Kung ikaw ay wala pang 18
- Impormasyon sa insurance
- Digital na pagkapribado


## Ang iyong karapatan sa pagkapribado sa California

Ginagarantiya ng batas ng California ang karapatan sa pagkapribado ng lahat ng indibidwal sa California. Kabilang dito ang karapatang:

- Piliin na magkaroon ng aborsyon nang wala ang pahintulot ng iba
- Magkaloob ng pangangalaga sa aborsyon nang hindi nahaharap sa panghaharas, mga banta, o akto ng karahasan
- Protektadong personal na impormasyon para sa mga pasyente at provider

## Kung ikaw ay nakatira sa labas ng California

Mahalagang maprotektahan ang iyong digital na pagkapribado. Nakakatulong ito sa pagpigil sa iba na ma-access ang impormasyon tungkol sa iyong aborsyon.

## Kung ikaw ay wala pang 18

Sa California, kung ikaw ay isang menor de edad, mayroon kang karapatang pahintulutan ang aborsyon nang mag-isa. Hindi mo kailangan ang pahintulot mula sa iyong magulang, tagapag-alaga, doktor, o sinumang iba.

Tawagan ang Repro Legal Helpline sa 844-868-2812 para sa payo sa mga legal na isyu sa iba't ibang estado kapag kumukuha ng aborsyon bilang isang menor de edad. Maaari mo ring punan ang ligtas na online form na ito.

## Pagsasabi sa mga magulang o tagapag-alaga

Ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay karaniwang hindi maaaring ipaalam sa iyong magulang, tagapag-alaga, o sinumang iba na ikaw ay tumanggap ng aborsyon.

Ang eksepsyon ay kung ang pagbubuntis ay may kinalaman sa pang-aabuso sa bata, kabilang ang pisikal o sekswal na pang-aabuso. Sa mga kasong iyon, kailangang iulat ng provider ang pang-aabuso sa pulisya o mga awtoridad sa pang-aabuso sa bata. Ang mga awtoridad na ito ay maaaring makipag-ugnayan sa iyong magulang o tagapag-alaga.

## Hindi pagpasok sa klase

Sa California, ang iyong paaralan ay hindi maaaring abisuhan ang iyong magulang o tagapag-alaga na ilaw ay hindi papasok sa klase para kumuha ng aborsyon kung nagpasya kang ibahagi ang partikular na medikal na dahilan sa hindi mo pagpasok. Hindi ka rin maaaring atasan ng paaralan na hingin muna ang pahintulot ng magulang o guardian.

Alamin pa ang tungkol sa iyong mga karapatan bilang estudyante.

## Impormasyon sa insurance

Kung ikaw ay nasa planong pangkalusugan ng ibang tao sa California, maaaring hindi maging pribado ang iyong impormasyon sa aborsyon. Ang mga halimbawa ay magiging kung nakukuha mo ang iyong health insurance sa pamamagitan ng iyong magulang o asawa.

Maaari kang magsumite ng *Confidential Communications Request* sa iyong insurance provider upang:

- Mapatiling pribado ang iyong impormasyon
- Magpadala ng lahat ng komunikasyong nauugnay sa aborsyon sa isang partikular na address

## Digital na pagkapribado

Narito ang mga sanggunian upang matulungan kang mapatiling pribado ang iyong online na aktibidad.

- Digital Defense Fund
- Repro Legal Helpline
- Electronic Frontier Foundation

# Mga taong may mga kapansanan

Kung mayroon kang kapansanan, may karapatan ka sa aborsyon sa California. Hindi maaaring itanggi sa iyo ang pangangalaga sa aborsyon dahil sa iyong kapansanan.

Ang batas ng California ay nagbibigay sa iyo ng karapatan sa pantay na pag-access sa mga serbisyo at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sa pahinang ito


- Mga makatwirang aborsyon
- Epektibong komunikasyon
- Suportadong paggawa ng desisyon
- Mga accessible na pasilidad at medikal na kagamitan
- Mga conservatorship


## Mga makatwirang aborsyon

May karapatan ka sa mga makatwirang akomodasyon upang gawing accessible para sa iyo ang pangangalaga sa aborsyon. Kabilang dito ang mga pagbabago sa mga patakaran, gawain, at procedure. Mayroon ka ng mga karapatang ito sa ilalim ng Americans with Disabilities Act.

Isang halimbawa ay ang ekstrang oras sa panahon ng iyong appointment para sa doktor upang ipaliwanag ang mga bagay sa paraang mauunawaan mo.

Kung kailangan mo ng makatwirang akomodasyon, makipag-ugnayan sa iyong provider bago ang iyong appointment. Ipaalam sa kanya kung anong mga akomodasyon ang kailangan mo upang magkaroon ng matagumpay na appointment.

## Epektibong komunikasyon

May karapatan ka sa epektibong komunikasyon kapag kumuha ka ng pangangalaga sa aborsyon. Kabilang dito ang mga tulong at serbisyong tulad ng:

- Mga materyales sa simpleng wika
- Mga materyales sa mga alternatibong format
- Mga sign language interpreter sa mga appointment sa personal o telehealth

Hindi ka maaaring singilin ng iyong provider para sa mga serbisyong ito.

Maaari kang magsama ng sumusuportang indibidwal upang tulungan ka sa iyong appointment. Kung magsasama ka, dapat pa ring direktang makipag-usap sa iyo ang iyong provider.

Alamin pa ang tungkol sa mga kinakailangan para sa epektibong komunikasyon ng Americans with Disabilities Act.

## Suportadong paggawa ng desisyon

May karapatan kang gamitin ang suportadong paggawa ng desisyon sa iyong pangangalaga sa aborsyon. Sa suportadong paggawa ng desisyon, nakikipag-usap ka sa team ng mga taong pinagkakatiwalaan mo kapag gumagawa ng mga desisyon. Gumagawa ka ng pinal na desisyon.

Tinutulungan ka ng iyong team na maunawaan, makipag-usap, at ipatupad ang iyong mga pinili tungkol sa iyong pangangalaga. Maaaring kasama sa iyong team ang:

- Mga kaibigan
- Mga miyembro ng pamilya
- Mga propesyonal

Maaaring mong isama ang iyong t eam sa iyong appointment sa provider ng aborsyon. Ito ay magbibigay sa iyo ng suporta kapag nagpapasya kung tamang desisyon para sa iyo ang aborsyon.

Alaming pa ang tungkol sa suportadong paggawa ng desisyon:

- Mga madalas itanong tungkol sa suportadong paggawa ng desisyon ng American Civil Liberties Union
- Assembly Bill 1663

## Mga accessible na pasilidad at medikal na kagamitan

May karapatan ka sa buo at patay na access sa mga pasilidad at serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Kailangang alisin ang mga arkitektural na hadlang mula sa mga lumang gusali kung posible. Kung hindi posible ang pag-alis ng mga hadlang, may karapatan ka pa ring makatanggap ng mga serbisyo, kung posibleng makuha ang mga iba sa ibang paraan. Maaaring mangahulugan ito ng pagpapalipat ng mga serbisyo sa accessible na lokasyon.

Kailangang maging accessible ang mga bagong gusali.

Sa pangkalahatan, hindi maaaring itanggi sa iyo ng mga provider ang paggamot dahil wala silang accessible na kagamitan.

Kailangan kang tulungan ng mga provider sa mga paglipat at pagpoposisyon sa panahon ng appointment. Hindi mo kailangang magsama ng sumusuportang indibidwal upang makatulong dito.

Alamin pa ang tungkol sa mga pederal na iniaatas sa accessibility para sa mga taong may mga kapansanan sa pagkilos.

## Mga conservatorship

Kung mayroon kang conservator na may kapangyarihang gumawa ng mga medikal na desisyon para sa iyo, maaaring kailanganin nilang gumawa ng pinal na desisyon tungkol sa iyo kung maaari kang makakuha ng aborsyon.

Gayunpaman, ang conservator ay kailangang:

- Kumilos sa pinakamahusay mong interes
- Bigyan ng akomodasyon at suportahan ang gusto mo
- Isaalang-alang ang may mabuting layunin na medikal na payo

Maaaring mayroon kang karapatan sa isang pagdinig sa hukuman kung hindi sasang-ayon ang iyong conservator sa iyong desisyon sa aborsyon. Pagpapasyahan sa pagdinig kung maaari kang magbigay ng may kabatirang pahintulot. Tinitiyak nito na protektado ang iyong mga karapatang tanggihan ang medikal na paggamot o magkaanak.

Alamin pa ang tungkol sa mga conservatorship at mga karapatan sa aborsyon.

# Tungkol sa aborsyon

Ang aborsyon ay isang procedure na winawakasan ang pagbubuntis. Ito ay isang napakakaraniwan at ligtas na procedure kapag isinasagawa ng kwalipikadong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung pinag-iisipan mo ang pagkakaroon ng aborsyon, hindi ka nag-iisa. Batay sa datos mula 2014, tinatayang 1 sa 4 na indibidwal sa US na maaaring mabuntis ay magkakaroon ng aborsyon bago lumampas ng edad na 45. 60% ng mga taong kumukuha ng aborsyon ay may mga anak na.

## Sa pahinang ito


- Ano ang aborsyon
- Mga yugto ng pagbubuntis
- Mga uri ng provider
- Paano makakuha ng aborsyon
- Pangangalaga pagkatapos ng aborsyon


## Ano ang aborsyon

Ang *aborsyon* ay isang medikal na paggamot na tinatapos ang pagbubuntis. Maaari rin itong tawaging *pagwawakas ng pagbubuntis*.

Ang aborsyon ay maaaring may kapalooban ng pag-inom ng pills o pagkakaroon ng karaniwang medikal na procedure sa isang klinikang pangkalusugan. Ang uri ng aborsyon na mayroon ka ay maaaring nakadepende sa iyong kagustuhan, anumang mga medikal na kondisyon na mayroon ka, at sa yugto ng iyong pagbubuntis.

Alamin pa ang tungkol sa mga uri ng mga aborsyon na makukuha.

## Mga yugto ng pagbubuntis

Ang pagbubuntis ay nahahati sa tatlong yugto na tinatawag na *mga trimester*.

- Ang isang trimester ay nagtatagal sa pagitan ng 12 at 14 na linggo.
- Ang unang trimester ay nagsisimula sa unang araw ng iyong huling regla.

Mahalaga ang timing kapag nagpapasyang magkaroon ng aborsyon. Kung mas maaga ang yugto ng iyong pagbubuntis, mas maraminguri ng aborsyon ang maaaring maging available sa iyo.

Alamin pa ang tungkol sa kung kailan ka maaaring magkaroon ng aborsyon.

## Mga uri ng provider

Ang mga lisensyadong doktor, nurse, sertipikadong nurse, komadrona, nurse practitioner, at physician assistant na may tamang pagsasanay ay maaaring magkaloob ng pangangalaga sa aborsyon sa California.

## Paano makakuha ng aborsyon

Kung pipiliin mong magkaroon ng aborsyon, narito ang pangunahing plano na maaari mong sundin:

1. Suriin ang iyong mga legal na karapatan at mga karapatan sa pagkapribado sa aborsyon.
2. Alamin ang unang araw ng iyong huling regla.
3. Alamin ang tungkol sa mga uri ng aborsyon.
4. Gamitin ang California abortion finder upang maghanap ng provider na matutugunan ang iyong mga pangangailangan.

5. Mag-iskedyul ng aborsyon at simulan ang pagpaplano, kabilang ang kung paano magbayad.
6. Magkaroon ng aborsyon at simulan ang iyong pangangalaga pagkatapos ng aborsyon.
   Kung mayroon kang medikal na kondisyon, kausapin ang iyong doktor tungkol sa pangangalaga pagkatapos.
7. Huwag kalimutang alagaan ang iyong kalusugan at kagalingan sa iyong karanasan sa aborsyon.
   Makipag-ugnayan sa iyong provider kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga.

## Pangangalaga pagkatapos ng aborsyon

Ang iyong provider ay magbibigay sa iyo ng detalyadong impormasyon tungkol sa kung ano ang aasahan at kung paano aalagaan ang iyong sarili pagkatapos ng iyong aborsyon. Ang iyong pangangalaga pagkatapos ng aborsyon ay magdedepende sa uri ng aborsyon na mayroon ka.

Bisitahin ang Pangangalaga para sa iyong sarili pagkatapos ng aborsyon mula sa Planned Parenthood of Michigan para sa ilang impormasyon tungkol sa pangangalaga pagkatapos ng aborsyon.

# Mga uri ng aborsyon

May dalawang pangunahing opsyon sa aborsyon: *gamot sa aborsyon* at *nasa klinikang mga procedure*. Ang iyong mga opsyon ay maaaring mag-iba batay sa iyong yugto ng pagbubuntis at sa providor na pipiliin mo.

Ang listahan ng mga positibo at negatibong bagay na ito para sa bawat uri ng aborsyon ay makakatulong sa iyong pagpasyahan kung ano ang pinakamakabubuti para sa iyo.

## Sa pahinang ito


- Gamot sa aborsyon
- Mga procedure sa klinika


## Gamot sa aborsyon

Ang opsyon na ito ay kilala rin bilang *abortion pill*, bagaman aktwal na kinakailangang uminom ka ng ilang pills. Ang gamot sa aborsyon ay karaniwang isang opsyon na hanggang 10 o 11 linggo mula sa unang araw ng iyong huling regla.

Makukuha pa rin sa California ang mga gamot sa aborsyon. Alamin pa ang tungkol sa pag-access sa gamot sa aborsyon sa California.

### Paano makukuha ito

Sa California, maaari kang makakuha ng gamot sa aborsyon sa pamamagitan ng mail pagkatapos ng telehealth na pagbisita sa kwalipikadong provider. Kung hindi, kakailanganin mong bisitahin ang klinika sa personal upang makakuha ng gamot.

- Ang California abortion finder ay makakatulong sa iyong maghanap ng provider na telehealth o sa personal.
- Ang PLAN C ay nagbibigay ng impormasyon sa kung paano maa-access ang mga opsyon ng abortion pill sa bahay online.
- Sinusuportahan ng Aid Access ang lahat ng tao na may hindi ninanais na pagbubuntis para ma-access ang mga abortion pill.

### Paano ito gumagana

Ang gamot sa aborsyon ay kapag umiinom ka ng partikular na pills na hanggang 48 oras ang pagitan. Maaari kang uminom ng gamot sa isang klinika, sa bahay, o saan man na ikaw ay namamalagi.

Ang gamot sa aborsyon ay maaaring abutin ng ilang oras hanggang ilang araw para makumpleto. Ang haba ng panahon ay iba-iba depende sa tao at depende sa uri ng mga gamot na ginamit.

Alamin pa ang tungkol sa pangangalaga pagkatapos ng aborsyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa gamot sa aborsyon, maghanap ng provider at makipag-ugnayan sa kanila nang direkta.

## Mga procedure sa klinika

Kilala rin bilang *surgical abortion*, ito ay karaniwang medikal na procedure na ginagawa sa klinika o ospital.

Mayroong dalawang pangunahing opsyon sa procedure: *aspiration abortion* at *dilation at evacuation (D&E)*.

Ang uri ng procedure na kakailanganin mo ay nakadepende sa iyong yugto ng pagbubuntis at sa iyong mga medikal na pangangailangan at kagustuhan.

### Aspiration abortion

Ang opsyon na ito ay karaniwang available hanggang 14 hanggang 16 na linggo mula sa unang araw ng iyong huling regla.

Ang iyong provider ay gumagamit ng banayad na suction at paminsan-minsan ay maliit na medikal na kasangkapan upang alisin ang tissue ng pagbubuntis mula sa iyong uterus. Ang procedure ay kadalasang inaabot ng 5 hanggang 10 minuto.

### Dilation at evacuation (D&E)

Ang opsyon na ito ay karaniwang ginagamit kung mahigit 16 na linggo na ang lumipas mula sa unang araw ng huli mong regla.

Ida-dilate ng iyong provider ang iyong cervix at gagamit ng maliliit na medikal na kasangkapan upang alisin ang tissue ng pagbubuntis mula sa iyong uterus. Ang procedure ay kadalasang inaabot ng 10 hanggang 20 minuto.

Alamin pa ang tungkol sa pangangalaga pagkatapos ng aborsyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga procedure sa klinika, maghanap ng provider at direktang makipag-ugnayan sa kanila.

# Pagpaplano

Narito ang ilang bagay na mapag-iisipan kapag pinagpaplanuhan ang aborsyon

## Sa pahinang ito


- Pagbiyahe o pagpapaalaga sa anak
- Kumuha ng tulong


## Pagbiyahe o pagpapaalaga sa anak

Kung kailangan mong bumiyahe upang makakuha ng aborsyon, may mga organisasyong makakatulong sa iyong maghanap ng lugar na matutuluyan.

Maaari kang matulungan ng ACCESS Reproductive Justice na maghanap at magbayad para sa:

- Matutuluyan
- Transportasyon
- Pagkain
- Pagpapaalaga sa Anak

Maaari ka ring tulungan ng National Network of Abortion Funds na maghanap ng pondong makakatulong sa iyong mga gastos sa pagbiyahe.

Kung mayroon ang mga anak o iba pang mga dependent, alamin kung mababantayan siya ng isang kaibigan sa panahon ng procedure. Kung na kung gumagamit ka ng mga abortion pill, makakatulong kung may isang taong tutulong sa iyo sa unang araw na iyon.

## Kumuha ng tulong

Ang ACCESS Reproductive Justice hotline (800-376-4636) ay nagbibigay ng suporta sa mga taong nagnanais na makakuha ng pangangalaga sa California. Masasagot nila ang mga tanong at maikokonekta ka sa mga mapagkukunan.

May mga pondong sumusuporta sa mga tao sa pagpaplano at pagbabayad para sa aborsyon. Ang National Network of Abortion Funds ay may listahan ng inaayos ng estado.

Ang Repro Legal Hotline (844-868-2812) ay makakatulong sa pagsagot sa anumang mga legal na katanungan na nauugnay sa pagpaplano.

Makakakuha ka ng emosyonal na suporta sa aborsyon sa pamamagitan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at mga grupong nonprofit.

# Paano magbayad para sa aborsyon

Mayroon kang maraming opsyon upang makatulong sa pagsaklaw sa gastos sa aborsyon.

## Sa pahinang ito


- Pribadong health insurance
- Medi-Cal
- Walang insurance
- Kumuha ng tulong sa pagsagot sa mga gastos sa aborsyon


## Pribadong health insurance

Kung nakatira ka sa California, karamihan sa pribadong insurance ay saklaw ang mga aborsyon. Ang lahat ng insurance plan ng Covered California ay saklaw ang mga aborsyon at iba pang mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan.

Sa ilang kaso, ang health insurance na natatanggap mo mula sa iyong employer ay maaaring hindi saklawin ang mga aborsyon. Alamin sa mga taong nangangasiwa sa iyong health coverage upang malaman kung anong mga serbisyo ang saklaw nila.

Alamin sa iyong insurance plan upang malaman kung kailangang mong:

- Gumamit ng mga partikular na provider
- Makakuha ng paunang awtorisasyon mula sa iyong doktor

Kapag nagpapa-appointment ka, alamin kung tinatanggap ng provider ang iyong insurance.

### Health insurance sa labas ng estado

Alamin sa iyong plano upang makita kung sasaklawin nito ang mga serbisyo ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan na nasa labas ng network tulad ng aborsyon at pagbiyahe sa California. Kung hindi, kausapin ang iyong provider na nakabase sa California tungko sa kanilang mga opson sa pagbabayad.

Maaari ka ring makakuha ng tulong sa pagsagot sa mga gastos sa aborsyon.

## Medi-Cal

Kung mayroon kang Medi-Cal, maaari kang makakuha ng pangangalaga sa aborsyon at iba pang mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan mula sa anumang provider ng pangangalaga sa aborsyon ng Medi-Cal nang walang bayad para sa iyo. Kung mayroon kang Medi-Cal na may Hati sa Gastos, maaari kang magbayad para sa hati sa iyong pangangalaga sa aborsyon. Humingi sa iyong provider ng higit pang impormasyon tungkol sa mga responsibilidad sa Hati sa Gastos.

Hindi mo kailangang kumuha ng paunang awtorisasyon mula sa iyong doktor. Kung kailangan mo ng inpatient na pamamalagi sa ospital, kukuha ang ospital ng anumang pag-apruba na kailangan.

### Medicaid sa labas ng estado

Kung mayroon kang Medicaid sa pamamagitan ng ibang estado, maaaring hindi saklawin ng iyong plano ang mga aborsyon. Alamin sa plano ng iyong estado upang malaman kung saklaw nila ang mga aborsyon at mga serbisyo sa labas ng estado. Kung hindi saklaw ang mga ito, kausapin ang iyong provider tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad.

Maaari ka ring makakuha ng tulong sa pagsagot sa mga gastos sa aborsyon.

## Walang insurance

Kung nakatira ka sa California, may mga programang makakatulong sa iyo kung wala kang insurance:

- Ang Presumptive Eligibility for Pregnant Women Program ay nagbibigay ng pansamantalang coverage ng Medi-Cal para sa pangangalaga bago manganak, kabilang ang mga aborsyon. Ang programang ito ay available sa lahat ng taga-California. Hindi mo kailangang magbigay ng ID o katibayan ng paninirahan kapag nag-apply ka.
- Ang Medi-Cal for Pregnancy tool ng Covered California ay makakatulong sa iyong malaman kung sa anong mga opsyon ng Medi-Cal ka karapat-dapat.

Kung hindi mo kayang gumamit ng insurance, maraming provider ang naghahandog ng libre o may diskwentong mga serbisyo o mga plano ng pagbabayad. Makipag-ugnayan sa gusto mong provider upang makipagtulungan siya sa iyong makuha ang mga serbisyong kailangan mo, anuman ang iyong kakayahan sa pagbabayad.

## Kumuha ng tulong sa pagsagot sa mga gastos sa aborsyon

Maaari kang makakuha ng tulong na bayaran ang aborsyon o saklawin ang mga kaugnay na gastos, tulad ng pagbiyahe at matutuluyan.

Ang mga hotline ay makakatulong sa iyong malaman kung ano ang available sa iyo:

- ACCESS Reproductive Justice
- National Abortion Federation

Mahahanap mo ang mga listahan ng mga pondo sa aborsyon ayon sa estado sa:

- National Network of Abortion Funds
- Women’s Reproductive Rights Assistance Project

Maaari ka ring makipag-usap sa iyong provider tungkol sa pinansyal na suporta na hinahandog nila at mga organisasyon na siya ay nakikipagtulungan.

Kung nahihirapan kang ma-access ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga serbisyo sa aborsyon, makipag-ugnayan sa California Department of Managed Health Care. Maaari ka ring magsumite ng mga reklamo sa California Department of Insurance.

# Kalusugan at kagalingan

Ang emosyonal na kalusugan o suporta sa aborsyon ay mahahalagang salik kapag pinag-iisipan ang aborsyon.

## Sa pahinang ito

- Tulong habang kumukuha ng aborsyon
- Suporta sa emosyon at aborsyon

## Tulong habang kumukuha ng aborsyon

Maaaring gustuhin mong magsama ng isang  tao kapag kumukuha ka ng aborsyon o pumupunta sa appointment. Tawagan ang iyong provider ng aborsyon upang malaman kung pinahihintulutan ito. Kung ang iba ay hindi pinahihintulutan sa silid kasama mo, maaari pa rin siyang sumama sa iyo at manatili sa waiting room o sa labas.

Maaari ka ring magkaroon ng doula sa aborsyon na maaaring sumuporta sa iyo. Ang ACCESS Reproductive Justice ay makakatulong na maikonekta ka sa isang doula.

## Suporta sa emosyon at aborsyon

Maaari kang makakuha ng sa personal o online na counseling o pangkalahatang suporta sa aborsyon.

- Kausapin ang iyong regular na provider na pangangalagang pangkalusugan.
- Bisitahin ang lokal na klinikang pampamilya.
- Ang Exhale pro-voice ay nagbibigay ng hindi mapanghusgang suporta pagkatapos ng aborsyon, kabilang ang pakikipag-usap at text.
- Ang All-Options Talkline ay naghahandog ng libreng peer counseling sa mga tumatawag mula sa anumang lugar sa US o Canada sa 888-493-0092.
- Makipag-ugnayan sa National Abortion Federation Hotline (tawag at chat).
- Basahin ang artikulong Hey Jane tungkol sa mga doula, grupo, at emosyonal na suporta.

# Mga komunidad

Ang ilang komunidad ay maaaring mayroong mga katangi-tanging pangangailangan sa pag-access ng pangangalaga sa aborsyon.

## Sa pahinang ito

- Mga taong nakatira sa labas ng California
- Mga taong may mga kapansanan
- Mga estudyante sa pampublikong unibersidad
- Mga imigrante at mga taong walang dokumento
- Mga taong sinasalita ang Ingles bilang karagdagang wika

## Mga taong nakatira sa labas ng California

Kung nakatira ka sa labas ng California, maaari kang makakuha ng aborsyon sa California. Walang kinakailangang pagiging residente para sa aborsyon sa California. Gamitin ang California abortion finder upang maghanap ng provider. Ang ilang grupo ay nagbibigay ng tulong sa pagbiyahe upang makakuha ng aborsyon.

Ang iyong estado ay maaaring may mga batas tungkol sa mga residenteng tumatanggap ng mga serbisyo sa aborsyon sa ibang mga estado. Maaaring gustuhin mong repasuhin ang iyong mga legal na karapatan, kabilang ang sarili mong estado, bago maghanap ng pangangalaga.

Kung hindi mo kayang bumiyahe sa California para kumuha ng aborsyon, maaaring makatulong sa iyo ang pondo sa aborsyon na maghanap ng estado na mas mabuting opsyon para sa iyo.

## Mga taong may mga kapansanan

Kung may kapansanan ka, may karapatan ka sa aborsyon sa California. Ang mga taong may mga kapansanan ay may mga karapatan na ginagarantiya ng mga batas na pederal at ng California.

## Mga estudyante sa pampublikong unibersidad

Ang mga estudyante sa mga campus ng California State University at University of California ay may karapatang makakuha ng gamot sa aborsyon sa pamamagitan ng klinika ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng estudyante. Mayroon kaming mga hakbang-hakbang na instruksyon para sa mga estudyante ng pampublikong unibersidad na gustong makakuha ng gamot sa aborsyon.

## Mga imigrante at mga taong walang dokumento

Kung ikaw ay hindi dokumentado, may karapatan ka sa aborsyon sa California.

Ang mga pederal na patakaran ay pinananatiling nakalayo ang mga opisyal ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) at Customs and Border Protection (CBP) sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan.

Saklaw ng Medi-Cal ang aborsyon para sa mga residente ng California, anuman ang katayuang pang-imigrasyon. Maaari ka ring makakuha ng Medi-Cal para sa iba pang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Alamin kung paano ka makakapag-apply para sa Medi-Cal.

## Mga taong sinasalita ang Ingles bilang karagdagang wika

Ang lahat ng provider ng aborsyon sa California ay kailangang magbigay ng mga mapagkukunan sa pagsasalin. Ang lahat ng provider ay naghahandog din ng mga serbisyo ng pagsasalin.

- Ang Abortionfinder.org ay nagpapahintulot sa iyong magsaliksik ng ayon sa wika at mga serbisyo ng pagsasalin.
- Ang ACCESS Reproductive Justice ay may hotline sa wikang Espanyol sa 888-493-0092.
- Ang National Abortion Fund hotline (800-772-9100) ay matatawagan sa Espanyol. Matutulungan ka nila sa impormasyon, konsultasyon, at mga referral sa mga provider.
- Ang Repro Legal Helpline ay nagbibigay ng impormasyon sa Espanyol at Pinasimpleng Tsino.

# Mga estudyante sa pampublikong unibersidad

Ang mga estudyante sa pampublikong unibersidad ay maaaring ma-access ang pangangalaga sa aborsyon gaya ng iba. Mayroon din silang access sa kanilang student health center.

Ang mga student health center sa mga campus ng California State University o University of California ay kailangang maghandog ng gamot sa aborsyon. Nakakatulong itong gawing accessible at nakakatipid sa gastos ang aborsyon hangga't maaari para sa mga estudyante.

## Sa pahinang ito

- Humingi ng tulong sa iyong campus
- Ang dapat mong malaman
- Mga karapatan ng estudyante sa pampublikong unibersidad

## Humingi ng tulong sa iyong campus

Mayroon kaming mga hakbang-hakbang na instruksyon para sa mga estudyante sa:

- Mga campus ng California State University
- Mga campus ng University of California
- University of California Law San Francisco

## Ang dapat mong malaman

- Ang gamot sa aborsyon ay ligtas, mabisa, at nakakatipid sa gastos.
- Ang pagrereseta ng gamot sa aborsyon ay katupad ng pagrereseta ng iba pang mga gamot. Ang anumang mga panganib ay katulad ng sa mga inirereseta at over-the-counter na gamot.

Alamin pa ang tungkol sa gamot sa aborsyon, kabilang ang kung ano ito at paano makakuha nito.

## Mga karapatan ng estudyante sa pampublikong unibersidad

Nagsusumikap ang California upang matiyak na ang sinumang nagnanais ng aborsyon ay may access nang madali at maaga hangga't maaari. Ang mga estudyante sa pampublikong unibersidad ay may mga legal na karapatan sa aborsyon gaya ng sinuan sa California.

Sa California, ang pangangalaga sa aborsyon ay:

- Isang karapatan sa Saligang Batas
- Bahagi ng komprehensibong pangangalaga sa sekswal at reproduktibong kalusugan
- Isang pangunahing serbisyong pangkalusugan na kailangang saklawin ng Medi-Cal at insurance plan na pribado at pinangangasiwaan ng estado
- Isang kinikilalang paggamot para sa pagbubuntis

Ang mga student health center ay hindi maaaring talakayin ang iyong pangangalaga sa ibang tao nang wala ang iyong pahintulot.

Kung ikaw ay nasa health insurance ng ibang tao, maaari mong gawin ang mga hakbang upang mapanatiling pribado ang pangangalaga sa aborsyon. Alamin sa iyong unibersidad upang malaman kung kailangan mong gamitin ang iyong health insurance para makakuha ng pangangalaga.

Alamin pa ang tungkol sa College Student Right to Access Act.

## Mga estudyante ng California State University

Kung ikaw ay estudyante ng California State University (CSU) na naghahanap ng mga serbisyo sa gamot sa aborsyon, sundin ang mga hakbang na ito. Ang lahat ng estudyanteng kasalukuyang naka-enroll at nagbabayad ng singil para sa mga serbisyo sa kalusugan ng estudyante ay karapat-dapat para sa mga serbisyo.

### Sa pahinang ito


- Hakbang 1: Ihanda ang numero ng iyong student ID
- Hakbang 2: Tawagan ang iyong student health center
- Hakbang 3: Sundin ang script
- Hakbang 4: Magpaiskedyul ng iyong appointment
- Hakbang 5: Pumunta sa iyong nakaiskedyul na appointment
- Higit pang tulong


### Hakbang 1: Ihanda ang numero ng iyong student ID

Makakatulong na malaman ang petsa ng iyong huling regla at ang petsa ng regla na hindi mo naranasan kamakailan. Okey lang kung hindi mo alam ang mga ito.

### Hakbang 2: Tawagan ang iyong student health center

Hanapin ang numero para sa iyong campus.

#### Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng campus health center

**Cal State Bakersfield**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (661) 654-2394
Para sa karagdagang suporta: (661) 654-2395 or shs@csub.edu

**CSU Channel Islands**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (805) 437-8828
Para sa karagdagang suporta: Student.Health@csuci.edu

**Chico State**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (530) 898-5241
Para sa karagdagang suporta: healthcenter@chico.edu

**Cal State Dominguez Hills**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (310) 243-3629
Para sa karagdagang suporta: healthcent@csudh.edu

**Cal State East Bay**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (510) 885-3735
Para sa karagdagang suporta: shcs@csueastbay.edu

**Fresno State**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (559) 278-2734
Para sa karagdagang suporta: shcc@mail.fresnostate.edu

**Cal State Fullerton**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (657) 278-2800
Para sa karagdagang suporta: titanhealth@fullerton.edu

**Cal Poly Humboldt**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (707) 826-3146
Para sa karagdagang suporta: health@humboldt.edu

**Cal State Long Beach**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (562) 985-4771
Para sa karagdagang suporta: wellness@csulb.edu

**Cal State LA**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (323) 343-3300
Para sa karagdagang suporta: calstatela.edu/contact-us

**Cal Maritime**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (707) 654-1170
Para sa karagdagang suporta: healthcenter@csum.edu

**Cal State Monterey Bay**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (831) 582-3965
Para sa karagdagang suporta: chc@csumb.edu

**Cal State Northridge**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (818) 677-3666
Para sa karagdagang suporta: shcinfo@csun.edu

**Cal Poly Pomona**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (909) 869-4000
Para sa karagdagang suporta: health@cpp.edu

**Sacramento State University**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (916) 278-6461
Para sa karagdagang suporta: shcs@csus.edu

**Cal State San Bernardino**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (909) 537-5241
Para sa karagdagang suporta: asktheshc@csusb.edu

**San Diego State University**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (619) 594-4325
Para sa karagdagang suporta: shs@sdsu.edu

**San Francisco State University**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (415) 338-1251
Para sa karagdagang suporta: StudentHealthServices@sfsu.edu

**San José State University**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (408) 924-5678
Para sa karagdagang suporta: studentwellnesscenter@sjsu.edu

**Cal Poly San Luis Obispo**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (805) 756-1211
Para sa karagdagang suporta: health@calpoly.edu

**Cal State San Marcos**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (760) 750-4915
Para sa karagdagang suporta: shcs@csusm.edu

**Sonoma State University**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (707) 664-2921
Para sa karagdagang suporta: laura.williams@sonoma.edu

**Stanislaus State University**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (209) 667-3396
Para sa karagdagang suporta: healthcenter@csustan.edu

## Hakbang 3: Sundin ang script

Kumusta, estudyante ako sa [ang iyong campus] at ako ay/ako ay maaaring nagbubuntis at hindi ko gustong magbuntis. Gusto kong magpaiskedyul ng appointment upang malaman kung makakakuha ako ng gamot sa aborsyon. Anong mga appointment ang mayroon kang available? Bukod dito, maaari mo bang sabihin sa akin ang gastos para sa serbisyong ito? Nauunawaan ko na hindi ito dapat humigit sa $65-70.*

*Ang ilang health center ay nagsasama ng mga ekstrang tulad ng gamot sa pananakit na maaaring maapektuhan ang gastos.

## Hakbang 4: Magpaiskedyul ng iyong appointment

Pumili ng oras na mainam para sa iyo.

## Hakbang 5: Pumunta sa iyong nakaiskedyul na appointment

Maaari kang magsama ng sumusuportang kaibigan o miyembro ng pamilya. Inumin ang mga inireresetang gamot sa abortion pill nang ayon sa ibinilin. Sundin ang anumang mga instruksyon pagkatapos ng pangangalaga.

## Higit pang tulong

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan o alalahanin tungkol sa gamot sa aborsyon, makipag-ugnayan sa California State University, Office of the Chancellor:

Dr. Carolyn O'Keefe, Systemwide Director, Student Wellness and Basic Needs
[cokeefe@calstate.edu](mailto:cokeefe@calstate.edu)
[(562) 951-4875](tel:5629514875)

# Mga estudyante ng University of California

Kung ikaw ay estudyante ng University of California (UC) na naghahanap ng mga serbisyo sa gamot sa aborsyon, sundin ang mga hakbang na ito.

## Sa pahinang ito


- Hakbang 1: Ihanda ang numero ng iyong student ID
- Hakbang 2: Tawagan ang iyong student health center
- Hakbang 3: Sundin ang script
- Hakbang 4: Magpaiskedyul ng appointment
- Hakbang 5: Pumunta sa iyong nakaiskedyul na appointment


## Hakbang 1: Ihanda ang numero ng iyong student ID

Makakatulong na malaman ang petsa ng iyong huling regla at ang petsa ng regla na hindi mo naranasan kamakailan. Okey lang kung hindi mo alam ang mga ito.

## Hakbang 2: Tawagan ang iyong student health center

Hanapin ang numero para sa iyong campus.

### Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng campus health center

**UC Berkeley**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (510) 642-2000
Para sa karagdagang suporta: (510) 643-7197

**UC Davis**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (530) 752-2300
Para sa karagdagang suporta: (530) 752-2349

**UC Irvine**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (949) 824-5301 (opsyon 3)

**UCLA**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (310) 825-4073 (opsyon 2)
Para sa karagdagang suporta: (310) 794-5691

**UC Merced**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (209) 228-2273
Para sa karagdagang suporta: (209) 500-6483

**UC Riverside**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (951) 827-3031
Para sa karagdagang suporta: (951) 234-0602

**UC San Diego**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (858) 534-3300
Para sa karagdagang suporta: (858) 534-3300

**UC San Francisco**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (415) 476-1281

**UC Santa Barbara**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (805) 893-3371

**UC Santa Cruz**

Pangunahing linya sa mga serbisyo sa kalusugan: (831) 459-2500
Para sa karagdagang suporta: (831) 459-2591

## Hakbang 3: Sundin ang script

Kumusta, estudyante ako sa [ang iyong campus] at ako ay/ako ay maaaring nagbubuntis at hindi ko gustong magbuntis. Gusto kong magpaiskedyul ng appointment upang malaman kung makakakuha ako ng gamot sa aborsyon. Anong mga appointment ang mayroon kang available? Nauunawaan ko na karamihan sa mga insurance plan sa California (kabilang ang UC SHIP) ay sasaklawin ang gamot sa aborsyon nang walang bayad para sa akin, hangga't tumatanggap ako ng mga serbisyo mula sa provider sa network ng plano ng aking insurance. Maaari ka bang tumulong sa pag-iskedyul ng appointment o malaman kung saan ko makukuha ang mga serbisyong ito nang libre?

## Hakbang 4: Magpaiskedyul ng appointment

Pumili ng oras na mainam para sa iyo. Ang iyong student health center ay maaari kang i-refer sa iba pang mga provider kung hindi mabisa para sa iyo ang mayroon sila.

## Hakbang 5: Pumunta sa iyong nakaiskedyul na appointment

Maaari kang magsama ng sumusuportang kaibigan o miyembro ng pamilya. Inumin ang mga inireresetang gamot sa abortion pill nang ayon sa ibinilin. Sundin ang anumang mga instruksyon pagkatapos ng pangangalaga.

## Mga estudyante ng UC Law San Francisco

Kung ikaw ay estudyante ng UC Law San Francisco na naghahanap ng mga serbisyo ng gamot sa aborsyon, sundin ang mga hakbang na ito.

### Sa pahinang ito


- Hakbang 1: Ihanda ang numero ng iyong insurance plan
- Hakbang 2: Tawagan ang klinika ng Carbon Health na malapit sa iyo
- Hakbang 3: Sundin ang script
- Hakbang 4: Magpaiskedyul ng iyong appointment.
- Hakbang 5: Pumunta sa iyong nakaiskedyul na appointment
- Higit pang tulong


### Hakbang 1: Ihanda ang numero ng iyong insurance plan

Ito ay maaaring UCSHIP o iba pang insurance plan. Karapat-dapat ka pa rin sa mga serbisyong ito kahit na nag-waive ka para umalis sa UCSHIP.

Makakatulong na malaman ang petsa ng iyong huling regla at ang petsa ng regla na hindi mo naranasan kamakailan. Okey lang kung hindi mo alam ang mga ito.

### Hakbang 2: Tawagan ang klinika ng Carbon Health na malapit sa iyo

Ang lahat ng lokasyon ay bukas mula 9:00 AM hanggang 7:00 PM.

#### Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng campus health center

**Berkeley**

2920 Telegraph Ave
Berkeley, CA 94705
Telepono: (510) 686-3621

**North Hollywood**

6160 Laurel Canyon Blvd, Suite 160
North Hollywood, CA 91606
Telepono: (213) 267-6536

**Oakland**

411 Grand Avenue
Oakland, CA 94610
Telepono: (510) 844-4097

**Pasadena**

600 E Colorado Blvd, Suite 120
Pasadena, CA 91101
Telepono: (323) 301-7988

**San Francisco Civic Center**

1390 Market Street, Suite 109
San Francisco, CA 94102
Telepono: (415) 918-5766

**San Mateo**

46 Hillsdale Mall
San Mateo, CA 94403
Telepono: (650) 769-5612

**Woodland Hills**

21835 Ventura Blvd, Suite 21837
Woodland Hills, CA 91364
Telepono: (818) 600-7348

## Hakbang 3: Sundin ang script

Kumusta, estudyante ako sa UC Law San Francisco at ako ay/ako ay maaaring nagbubuntis at hindi ko gustong magbuntis. Gusto kong magpaiskedyul ng appointment upang malaman kung makakakuha ako ng gamot sa aborsyon. Anong mga appointment ang mayroon kang available? Bukod dito, gusto ko ring kumpirmahin na ang gastos para sa serbisyong ito ay magiging $0 dahil sa kasunduan sa saklaw ng UC Law sa Carbon Health, tama po ba?

## Hakbang 4: Magpaiskedyul ng iyong appointment.

Pumili ng oras na mainam para sa iyo.

## Hakbang 5: Pumunta sa iyong nakaiskedyul na appointment

Maaari kang magsama ng sumusuportang kaibigan o miyembro ng pamilya. Inumin ang mga inireresetang gamot sa abortion pill nang ayon sa ibinilin. Sundin ang anumang mga instruksyon pagkatapos ng pangangalaga.

## Higit pang tulong

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan o alalahanin tungkol sa gamot sa aborsyon, makipag-ugnayan sa Coordinator ng UC Law SF Health and Wellness:

Vanessa Sacks, MSW & NBC-HWC
sacksvanessa@uclawsf.edu
(415) 565-4612

# Maghanap ng provider ng aborsyon sa California

Upang makakuha ng aborsyon sa California, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan o maghanap sa ibaba.

## Sa pahinang ito

- California abortion finder
- Sa labas ng California
- Pekeng impormasyon sa aborsyon
- Mga sanggunian sa aborsyon sa California at sa bansa

## California abortion finder

Hindi mo kailangang maging residente ng California upang makatanggap ng mga serbisyo sa aborsyon.

Hindi kami nangongolekta ng anumang datos sa paghahanap.

Ilagay ang lungsod o ZIP code

Maghanap ng provider

Listahan ng lahat ng provider

Ang paghahanap ay pinagagana ng Abortion Finder.

## Sa labas ng California

Kung gusto mong bumiyahe sa California para sa aborsyon, gamitin ang California abortion finder. Kung naghahanap ka ng provider para sa aborsyon sa labas ng California, maaari kang makahanap nito sa pamamagitan ng aming listahan ng mga sanggunian sa aborsyon sa bansa.

## Pekeng impormasyon sa aborsyon

Kilala rin bilang *maling impormasyon*, karaniwan ang pekeng impormasyon sa aborsyon online.

### Mga klinika

Ang mga resulta ng paghahanap online ay maaaring kabilangan ng mga klinika na hindi nagsasagawa ng aborsyon. Ang mga "klinika" na ito ay maaaring magbigay ng impormasyong hindi totoo, medikal na hindi tumpak online o sa personal tungkol sa aborsyon upang kumbinsihin kang huwag magkaroon ng aborsyon. Ang mga ito ay paminsan-minsang tinatawag na *mga crisis pregnancy center* (mga CPC).

Gamitin ang California abortion finder upang maghanap ng mga pinagkakatiwalaang provider na malapit sa iyo.

At alamin pa ang tungkol sa kung paano makakita ang mga CPC. May patnubay rin ang California Department of Justice sa kung paano makakita ng mga pekeng klinika (PDF).

### Mga pekeng social media account

Tingnan ang anumang impormasyon sa aborsyon na mahahanap mo sa social media site.

- Ang mga pekeng social media account ay maaari ring mag-post ng impormasyon sa aborsyon na hindi totoo o mapanlinlang.
- Ang mga pekeng account ay maaari ring mag-post ng mga link sa mga pekeng klinika.

- Ang iyong mga kaibigan o pamilya ay maaari ring magbigay sa iyo ng pekeng impormasyon mula sa pekeng social media site.

Ang pinakamahusay na paraan para makakuha ng tumpak na impormasyon sa aborsyon na nakaakma sa iyong pagbubuntis ay makahanap ng mapagkakatiwalaang provider at makipag-usap sa kanya nang direkta.

### Isumbong ang pekeng impormasyon

Upang magsumbong ng pekeng klinika o website para sa aborsyon, punan ang form ng reklamo para sa konsumidor sa website ng California Department of Justice.

Maaari mong isumbong ang mga pekeng post o account sa social media gamit ang social media app.

## Mga sanggunian sa aborsyon sa California at sa bansa

Bukod sa California abortion finder, mayroong maraming sangguniang makakatulong sa iyong maghanap ng pangangalaga sa aborsyon na kailangan mo.

### Abortion Finder (AbortionFinder.org)

- Gamitin ang kanilang tagasaliksik upang makahanap ng naberipikang provider ng aborsyon, kabilang ang mga opsyong telehealth.
- Tingnan ang listahan ng mga provider sa California, virtual at sa personal.
- Tingnan ang kanilang gabay ng estado hinggil sa aborsyon sa California.
- I-text ang “Abortion Finder” at ite-text nila sa iyo ang tatlong provider ng aborsyon na pinakamalapit sa iyo. Para sa serbisyo sa Ingles, i-text ang “Hello” sa 435-3-FINDER. Para sa serbisyo sa Espanyol, i-text ang “Hola” sa 218-3-BUSCAR.

### FPA Women’s Health

Bisitahin ang website para sa impormasyon tungkl sa pangangalaga sa kalusugan ng mga kababaihan sa klinika o telehealth. Gamitin ang kanilang tagasaliksik upang maghanap ng klinika na tutugon sa iyong mga pangangailangan.

### I Need an A

Ang I Need A ay kinokonekta ang mga tao sa mga klinika, pill-by-mail provider, mga kasalukuyang batas, pondo sa aborsyon, at sumusuportang organisasyon. Matutulungan ka nilang makakuha ng mga personalisadong sagot sa maraming katanungan sa aborsyon. Gamitin ang kanilang tagasaliksik upang maghanap ng mga klinikang malapit sa iyo. Available ang site sa Ingles at Espanyol.

### National Abortion Federation

Para sa impormasyon tungkol sa aborsyon at iba pang mga sanggunian, kabilang ang pinansyal na tulong, tumawag sa 800-772-9100. Maaari mong gamitin ang kanilang tagasaliksik upang maghanap ng provider.

### Planned Parenthood

Gamitin ang kanilang tagasaliksik upang maghanap ng mga klinikang malapit sa iyo. Maaari ka ring makakuha ng listahan ng mga klinika sa California.

# Ang ginagawa ng California ay pagprotekta sa pag-access sa aborsyon

Agad na kumilos ang California upang maprotektahan ang mga karapatan sa aborsyon dahil binaligtad ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang *Roe v. Wade*. Pinoprotektahan ng California ang mga pasyente at provider sa pamamagitan ng ehekutibong aksyon, lehislasyon, pag-amyenda sa Saligang Batas, at pag-invest sa badyet ng mahigit $200 milyon upang mapalawak ang access sa mga ligtas at abot-kayang serbisyo.

At ang California ay patuloy na gumagawa ng mga batas at patakaran upang higit pang maprotektahan ang pag-access, mga pasyente, at mga provider dito at para sa mga bumibiyahe sa estado para sa pangangalaga.

## Sa pahinang ito


- Pagprotekta sa mga pasyente, provider, at tagasuporta
- Pagpapalawak ng access sa mga serbisyo
- Pagbabahagi ng modelo ng California


## Pagprotekta sa mga pasyente, provider, at tagasuporta

- Ipinasa ng mga botante ng California ang Proposisyon 1, na hayagang itinatakda sa Saligang Batas ng estado ang karapatang piliin na magkaroon ng aborsyon.
- Inilabas ni Gobernador Newsom ang Executive Order N-12-22, na:
  - Nagbabawal sa mga ahensya ng estado na makipagtulungan sa mga aksyon sa aborsyon sa labas ng estado tulad ng pagpigil na maibahagi ang mga medikal na rekord, datos ng pasyente at iba pang impormasyon ng mga ahensya ng estado bilang pagtugon sa mga pagtatanong o imbestigastong inihain ng ibang estado o indibidwal sa loob ng mga estadong iyon na naghahangad na higpitan ang pag-access sa pangangalaga sa aborsyon; at
  - Pinapagtibay ang patakaran ng pagtanggi sa mga kahilingan ng ekstradisyon sa labas ng estado na nauugnay sa mga legal na aborsyon sa California.
- Noong 2022, isinabatas ng California ang ilang panukalang batas:
  - Hinahangad ng AB 1242 na pigilan ang tagapagpatupad ng batas at mga korporasyon ng California na makipagtulungan sa mga entidad sa labas ng estado hinggil sa mga legal na aborsyon sa California.
  - Hinahangad ng AB 1666 na protektahan ang mga tao o entidad sa California mula sa pananagutang sibil dahil sa pagkakaloob, pagtulong o pagtanggap ng pangangalaga sa aborsyon sa estado.
  - Hinahangad ng AB 2091 na panatilihing pribado ang medikal na impormasyon tungkol sa aborsyon, kahit bilang pagtugon sa subpoena o kahilingan mula sa labas ng estado.
  - Hinahangad ng AB 2223 na protektahan ang mga tao sa mga pananagutang kriminal at sibil kapag nawala ang kanilang dinadalang sanggol.
- Noong 2023, isinabatas ng California ang ilang karagdagang panukalang-batas:
  - Pinoprotektahan ng SB 345 at AB 1707 ang mga provider at pasilidad sa California mula sa pagpapatupad sa California ng mga batas ng ibang mga estado na ginagawang krimen o naglilimita ng pag-access sa mga serbisyo ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan.
  - Pinoprotektahan ng AB 254 ang digital na datos sa reproduktibo at sekswal na kalusugan na kasama sa mga aplikasyon ng pagsubaybay sa personal na kalusugan.
  - Tinitiyak ng AB 352 na protektato ang mga pang-indibidwal na elektronikong rekord na pangkalusugan na nauugnay sa mga serbisyo ng pangangalaga ng reproduktibong

kalusugan para sa mga taong bumibiyahe sa California para sa pangangalaga na ilegal sa kanilang tinitirahang estado.
    - Kinaklaro ng AB 1720 na kailangang ialok ang mga ultrasound sa mga lisensyadong pasilidad o ng mga lisensyadong provider, na pinaliliit ang mga pagkakataon para sa mga mapanlinlang na hindi medikal na paggamit.
- Inilabas ng Department of Health Care Services ang All Plan Letter (APL) 22-022 na nagpapaalala sa mga Medi-Cal Managed Care Health Plan na kailangan nilang:
    - Saklawin ang pangangalaga sa aborsyon nang walang ipinapataw na mga hadlang sa pag-access
    - Pahintulutan ang mga naka-enroll na pumunta sa sinumang provider ng Medi-Cal para sa pangangalaga sa aborsyon
    - Tulungan ang mga naka-enroll na maghanap ng provider ng pangangalaga sa aborsyon kung ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi nagkakaloob ng mga serbisyo ng pangangalaga sa aborsyon
    - Bayaran ang mga provider ng aborsyon na wala sa network ng hindi mababa sa rate ng Medi-Cal Fee-For-Service
- Naglabas ang Department of Managed Health Care ng APL 22-027 na nagpapaalala sa lahat ng mga planong pangkalusugan sa California na kailangan nilang magbigay ng napapanahong access sa mga medikal na kailangang pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kapag ang mga miyembro ng plano ay nasa labas ng California. Kabilang dito ang pangangalaga sa aborsyon.
- Nagtatag ang Department of Health Care Services ng karagdagang programa ng pagbabayad para sa mga hindi ospital na klinikang pangkomunidad na nakakaipon ng malalaking gastos na nauugnay sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa aborsyon sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.
- Naglabas ang Department of Insurance ng Bulletin 2022-7 na nililinaw na:
    - Ang pangangalaga sa aborsyon ay isang pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
    - Ang gamot sa pangangalaga sa aborsyon ay kailangan ding maging saklaw bilang bahagi ng outpatient na benepisyo sa inireresetang gamot ng insurer.
    - Ang mga parmasya sa California ay magiging sertipikadong maglabas ng gamot sa aborsyon sa unang bahagi ng 2023.
    - Simula Enero 1, 2023, ang mga insurer ay hindi maaaring magpataw ng hati sa gastos sa pangangalaga sa aborsyon at mga kaugnay na serbisyo o pamamahala o pagrerepaso sa paggamit para saklawin ang mga outpatient na serbisyo ng pangangalaga sa aborsyon.
- Inilabas ng Department of Justice ang consumer alert na may mga hakbang na maaaring kawin ng mga tao upang maprotektahan nang mas mabuti ang kanilang pagkapribado kapag ina-access ang pangangalaga sa aborsyon.
- Ang Department of Justice ay lumikha ng bagong form ng reklamo para sa konsumidor para sa mga taga-California na naging biktima o pinuntirya ng mapanloko, mapanlinlang, hindi patas o labag sa batas na gawain ng mga pekeng klinika (kilala rin bilang mga crisis pregnancy center).
- Naglabas ang Board of Pharmacy ng paunawa sa lahat ng lisensyado na nagpapaalala sa kanila ng kanilang mga obligasyon sa ilalim ng batas ng estado.
- Inilabas ng Department of Managed Health Care APL-24-004 na pinaaalalahanan ang mga komersyal na planong pangkalusugan na pinangangasiwaan DMHC ng kanilang legal na obligasyong saklawin ang mga over-the-counter na contraceptive na inaprubahan ng FDA na walang hati sa gastos para sa mga miyembro.

- Nagpadala ang Department of Justice ng liham sa mga opisina ng kumpanya ng malalaking sangay ng parmasya na nagpapaalala sa kanila na ang pang-emerhensyang contraception ay hindi nangangailangan ng reseta o pahintulot ng magulang.
- Naglabas ang Department of Justice ng paunawa sa konsumidor na nagbibigay ng impormasyon sa mga menor de edad ng kanilang kakayahang ma-access ag pang-emerhensyang contraception nang walang reseta o pahintulot ng magulang.
- Naglabas ang Department of Justice ng paunawa sa lahat ng parmasya ng California na nagpapaalala sa kanila ng kanilang obligasyon sa ilalim ng batas ng California na bigyan ang mga menor de edad ng access sa pang-emerhensyang contraception.

## Pagpapalawak ng access sa mga serbisyo

- Naglaan ang California ng mahigit $200 milyon sa 2022-23 upang suportahan ang mga taong naghahanap ng pangangalaga sa aborsyon at mga provider ng aborsyon sa ilang piskal na taon. Ang mga pondong ito ay:
  - Tinutulungan ang mga naghahanap ng pangangalaga sa aborsyon sa mga gastos sa praktikal na suporta tulad ng pagbiyahe, matutuluyan at iba pang mga kaugnay na gastos
  - Sinasaklaw ang pangangalaga sa aborsyon na hindi naka-insure na dagdagan ang access, partikular na sa mga komunidad na hindi lubusang napaglilingkuran.
  - Sinusuportahan ang mga pasilidad at provider ng pangangalagang pangkalusugan
  - Nagkakaloob ng pagsasanay, kurikulum, mga fellowship, at pagpapatawad ng utang upang bumuo ng mga manggagawang may dibersidad ng mga propesyonal ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan
  - Pinagbubuti ang pisikal at digitan na seguridad sa mga pasilidad ng pangangalaga sa aborsyon
- Nagsumite ang California ng mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan Seksyon 1115 na pederal na waiver para sa $200 milyong ($15 milyon na Pangkalahatang Pagpopondo) programang gawad na nakatuon sa sumusuportang pag-access sa pagpaplano ng pamilya at mga kaugnay na serbisyo, transportasyon ng sistema, kapasidad, at pagkasustenable ng lambat na pangkaligtasan ng California. Ang pagpopondong ito ay binubuo sa mga investment ng 2022 Budget Act para sa mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan at ipinagpapatuloy ang pag-unlad ng California upang magkaloob ng komprehensibong pagpaplano at mga kaugnay na serbisyo.
- Ini-update ng Department of Health Care Services ang mga patakaran nito upang pahintulutan ang mga provider na hilingin na maibalik ang ibinayad para sa mga gamot sa aborsyon hanggang sa pinalawig na 77 araw ng pagbubuntis para sa mga serbisyo. Bukos dito, ginawang permanente ng Department ang mga pleksibilidad sa COVID-19, kabilang ang paggamit ng telehealth para sa gamot sa aborsyon.
- Isinabatas ng California ang ilang panukala:
  - Winawakasan ng SB 245 ang hati sa gastos para sa mga serbisyo ng pangangalaga sa aborsyon.
  - Dinadagdagan ng SB 523 ang access sa birth control, anuman ang kasarian o insurance.
  - Gumawa ang SB 1142 website ng pag-access sa aborsyon ng California kung saan maa-access ng publiko ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa aborsyon sa estado, kabilang ang kaugnay sa kanilang mga legal na karapatan, mga lokasyon ng provider, praktikal na suporta para sa mga pasyente, at paglaban sa maling impormasyon.
  - Nilikha ng SB 1245 ang pilot sa reproduktibong kalusugan sa County ng Los Angeles na tutuklasin ang mga inobatibong paraan at kolaborasyon upang protektahan ang access sa pangangalaga sa aborsyon.

    - Pinalalawak ng SB 1375 ang ilang partikular na opsyon ng pagsasanay sa aborsyon para sa mga nurse practitioner at sertipikadong nurse-midwife.
    - Pinabibilis ng AB 657 ang paglilisensya para sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na pumupunta sa California upang magsagawa ng mga aborsyon.
    - Nilikha ng AB 1918 ang California Reproductive Health Scholarship Corps upang mag-recruit, magsanay, at magpanatili ng iba't ibang propesyonal sa pangangalaga ng reproduktibong kalusugan sa mga lugar na hindi lubusang napaglilingkuran sa estado.
    - Nilikha ng AB 2134 ang California Reproductive Health Equity Program upang magbigay ng mga gawad sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng walang kompensasyong pangangalaga sa aborsyon sa mga pasyente.
    - Iniaatas ng AB 2205 ang pag-uulat ng Covered California sa mga pondong ginamit upang saklawin ang pangangalaga sa aborsyon.
    - Nilikha ng AB 2586 ang California Reproductive Justice and Freedom Fund upang magbigay ng mga gawad na sumusuporta sa komprehensisyong edukasyon sa reproduktibo at sekswal na kalusugan, kabilang ang pangangalaga sa aborsyon, sa mga lubos na naaapektuhang komunidad.
    - Pinatitigil ng AB 2626 ang mga lupon na naglilisensya sa pagsususpindi o pagbawi ng mga lisensya dahil lamang nagsagawa ang provider ng aborsyon.
    - Idinadagdag ng AB 118 ang mga parmasyutiko sa depinisyon ng mga propesyonal sa pangangalaga ng reproduktibong kalusugan, na pinahihintulutan ang mga parmasyutiko ng mas malalaking oportunidad ng pagsasanay sa pangangalaga sa reproduktibong kalusugan.
    - Pinahihintulutan ng SB 385 ay mga physician assistant na tinanay nang tama na magkaloob ng pangangalaga sa aborsyon.
- Itinatag ng California ang Institute on Reproductive Health, Law, and Policy sa University of California, Los Angeles School of Law.

## Pagbabahagi ng modelo ng California

- Noong Pebrero 2023, inilunsad ng California ang Reproductive Freedom Alliance, isang hindi partidistang koalisyon ng mga Gobernador na nakatuon sa pagprotekta at pagpapalawak ng kalayaan sa reproduksyon—ang pinakamalaking koalisyon na pinagtipon.
    - Sa 22 Gobernador, ang nagtutulungan ang Alliance sa pagpapalakas ng kalayaan sa reproduksyon sa harap ng wala pang katulad na pag-atake sa access sa aborsyon at iba pang mga uri ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan.

## Update sa gamot sa aborsyon

Ang bawat uri ng aborsyon—kabilang ang gamot sa aborsyon—ay makukuha at protektado sa California.

Noong Hunyo 23, 2024, pinanaig ng desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang access sa mifepristone, na ginagamit sa mga gamot sa aborsyon. Ito ay nangangahulugan na ang mga gamot sa aborsyon na gumagamit ng mifepristone at misoprostol ay opsyon pa rin para sa sinumang nagnanais ng aborsyon. Mahahanap mo ang listahan ng mga provider ng aborsyon at mga opsyon sa pamamaraan ng aborsyon sa California sa website na ito.

Kung gusto mong bumiyahe sa California para sa gamot sa aborsyon, maaari mong gamitin ang aming California abortion finder upang makahanap ng provider para sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong i-filter ang mga resulta para sa mga provider na naghahandog ng medisinang aborsyon sa personal man o sa pamamagitan ng telehealth.

Para sa mga indibidwal na naghahanap ng gamot para sa aborsyonFor individuals seeking a medication abortion with commercial health insurance, the California Department of Managed Health Care Help Center can be reached by phone at (888-466-2219) or online at healthhelp.ca.gov.

Para sa mga indibidwal na naghahanap ng gamot sa aborsyon na may saklaw ng Medi-Cal, ang California Department of Health Care Services ay may Ombudsman hotline na maaaring matawagan sa (888-452-8609). Ang mga indibidwal na may Medi-Cal Fee-for-Service ay maaaring tumawag sa Telephone Service Center sa (916-541-5555) para sa tulong.

# Pagsasalin ng website na ito

Mahalaga sa amin ang pagkakaloob ng ingklusibong access sa impormasyon sa website na ito. Kabilang doon ang access sa wika.

**Ang pagsasalin na ito at ang mga pagsasalin sa browser sa ibaba ay maaaring hindi laging malinaw o tumpak. Kung mayroon kang anumang mga katanungan ang provider ng aborsyon ay maaaring mayroong mga serbisyo sa pagsasalin.**

## Sa pahinang ito

- Mga magagamit na wika
- Iba pang mga wika

## Mga magagamit na wika

Ang website na ito ay mababasa sa Espanyol, Tagalog, Pinasimpleng Tsino, at Tradisyonal na Tsino.

Piliin ang gusto mong wika sa kanang itaas ng screen para ma-access ang pagsasalin na iyon.

## Iba pang mga wika

Kung wala ang gusto mong wika, maraming browser ang may nakalagay nang tampok sa pagsasalin. Narito ang mga instruksyon para sa ilang popular na browser.

## Chrome

Maaari mong ipasalin ang mga webpage sa Chrome na hindi tumutugma sa iyong default na wika. Kasama rin sa artikulong ito ang mga hakbang para baguhin ang default na wika.

## Safari

Maaari mong ipasalin ang webpage sa Safari sa Mac sa isa sa mga gusto mong wika.

Ang mga gustong wika ay nakatakda sa pamamitan ng mga System preference sa iyong Mac. Ang Apple ay may mga hakbang sa kung paano babaguhin ang mga Language at Region General preference sa Mac.

## Edge

Awtomatikong itatanong ng Edge kung gusto mong ipasalin ang webpage kung hindi ito nakasulat sa gusto mong wika. Alamin kung paano gamitin ang Microsoft Translator sa Edge.

Ang Microsoft ay may mga hakbang sa kung paano itatakda ang gusto mong wika at gamitin ang Edge sa ibang wika.

## Firefox

Ang Firefox ay walang default na tampok sa pagsasalin. Ang Mozilla, ang mga tagagawa ng Firefox, ay inirerekomenda iyo iyong gamitin ang To Google Translate extension para sa Firefox.

Kahit walang tampok sa pagsasalin, maaari mong gamitin ang Firefox sa ibang wika. Ipapakita nito ang Firefox interface sa wikang pipiliin mo.

# Mga kondisyon sa paggamit

Salamat sa pagbisita sa website ng abortion.ca.gov at pagrerepaso sa Kasunduan sa mga Kondisyon sa Paggamit. Sumasang-ayon ka na ang mga tuntunin sa mga Kondisyon sa Paggamit ay namamahala sa iyong paggamit sa website na abortion.ca.gov, na ang Patakaran sa Pagkapribado ng Estado ng California ay namamahala rin sa iyong paggamit sa website na abortion.ca.gov. Nais ng California na malaman mo ang tungkol sa pagkolekta, paggamit, seguridad, at pag-access sa impormasyon na nagpapatungkol sa paggamit ng website ng abortion.ca.gov. Sa pamamagitan ng pagbisita sa website na ito, tinatanggap mo ang mga patakaran at gawain na inilalarawan sa Kasunduang ito sa mga Kondisyon sa Paggamit.

Mangyaring tandaan na ang Kasunduang ito sa mga Kondisyon sa Paggamit ay napapailalim sa pagbabago nang walang paunawa, at na sumasalamin ito sa mga kasalukuyang gawaing pangnegosyo ng estado. Ang Kasunduang ito sa mga Kondisyon sa Paggamit ay pinetsahan noong Setyembre 6, 2022.

Tandaan din na ang bawat departamento sa loob ng estado ay maaaring magkaroon ng mga patakaran at patakaran sa mga Kondisyon sa Paggamit na partikular sa misyon at mga pangangailangan ng kanilang gawain. Siguraduhing repasuhin ang mga patakarang iyon habang ina-access mo ang mga karagdagang site sa loob ng estado.

## Sa pahinang ito


- Personal na impormasyon at mapagpipilian
- Espesyal na tala tungkol sa mga menor de edad
- Impormasyong kinokolekta at kung paano namin ito ginagamit
- Pagsisiwalat sa publiko
- Personal na impormasyon
- Seguridad
- Mga link sa iba pang mga site
- Limitasyon ng pananagutan
- Pagmamay-ari


## Personal na impormasyon at mapagpipilian

Ang "personal na impormasyon" ay impormasyon tungkol sa isang natural na taong tinutukoy o inilalarawan ang indibidwal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kanyang pangalan, social security number, paglalarawan sa pisikal, address ng tirahan, numero ng telepono sa bahay, edukasyon, usapin sa pananalapi, at kasaysayang medikal o trabaho, agad na matutukoy para sa partikular na indibidwal na iyon. Ang domain name o Internet Protocol address ay hindi itinuturing na personal na impormasyon. Gayunpaman, itinuturing ito bilang "personal na impormasyon na kinokolekta sa elektronikong paraan."

Ayon sa Government Code § 11015.5., ang "personal na impormasyon na kinokolekta sa elektronikong paraan" ay nangangahulugang anumang impormasyong pinananatili ng ahensya na tinutukou o inilalarawan ang indibidwal na gumagamit, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa kanyang pangalan, social security number, paglalarawan ng pisikal, address ng tirahan, numero ng telepono sa bahay, edukasyon, usapin sa pananalapi, kasaysayang medikal o trabaho, password, electronikong mail address, at impormasyong isinisiwalat ang anumang lokasyon o pagkakakilanlan ng network, ngunit hindi isinasama ang anumang impormasyong manwal na isinumite sa ahensya ng estado ng gumagamit, ito man sa elektroniko o nakasulat na paraan, at impormasyon tungkol sa o nauugnay sa mga indibidwal na

gumagamit, nagsisilbi sa kapasidad na pangnegosyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga may-ari ng negosyo, opisyal, o principal ng negosyong iyon.

Ang "personal na impormasyon na kinokolekta sa elektronikong paraan" na awtomatikong kinokolekta namin ay kinabibilangan ng impormasyong mang-estadistika tungkol sa kung aling webpage ang binibisita mo. Kung boluntaryo kang nakikibahagi sa isang aktibidad na humihingi ng partikular na impormasyon (iyon ay, pagkumpleto ng kahilingan para sa tulong, pag-personalize ng nilalaman ng website, pagpapadala ng email, o pagsali sa survey), mas marami pang datos ang kokolektahin. Kung pipiliin mong hindi sumali sa mga aktibidad na ito, ang iyong desisyon ay hinding-hindi makakaapekto sa kakayahan mong gamitin ang anumang tampok ng website.

Kung ang anumang uri ng personal na impormasyon ay hiniling sa website o ibinoluntaryo ng gumagamit, maaaring protektahan ito ng batas ng estado, kabilang ang Information Practices Act of 1977, Government Code Seksyon 11015.5., at ng pederal na Privacy Act of 1974. Gayunpaman, ang impormasyong ito ay maaaring maging pampublikong rekord sa oras na ibigay mo ito, at maaaring sumailalim sa pampublikong inspeksyon at pagkopya kung sa ibang paraan ay hindi protektado ng pederal na batas o batas ng estado.

Bukod dito, ang mga departamento at ahensya ng estado ng California sa ilalim ng awtoridad ng Gobernador ay kailangang sumunod sa Patakaran sa Pagkapribado na accessible din sa website na ito.

## Espesyal na tala tungkol sa mga menor de edad

Hindi kami nangongolekta ng personal na impormasyon tungkol sa mga menor de edad sa website na ito.

## Impormasyong kinokolekta at kung paano namin ito ginagamit

Sa website na ito, kinokolekta namin ang:

- bilang ng pagtingin ng indibidwal sa pahina na inihatid ng site na ito
- Estado kung nasaan ang bisita noong tiningnan ang pahina
- Uri ng browser na ginamit para bisitahin ang website na ito
- Petsa at oras ng mga pagbisita sa website
- Mga webpage o serbisyong in-access sa site na ito

Hindi namin pinahihintulutan ang anumang ikatlong partido na magrekord ng impormasyon na maaaring iugnay pabalik sa iyo.

Hindi namin kinokolekta ang:

- Anumang personal na impormasyon tulad ng pangalan, address, email address, o numero ng telepono
- Anumang personal na impormasyong kinolekta sa elektronikong paraan tulad ng iyong IP address
- HIndi kami gumagamit ng mga serbisyo ng ikatlong partidong nangongolekta ng anumang personal na impormasyon

Ang impormasyong awtomatiko naming kinokolekta o iniimbak ay eksklusibong ginagamit upang mapabuti ang nilalaman ng aming mga serbisyo sa web at upang matulungan kaming maunawaan kung paano ginagamit ng mga tao ang aming mga serbisyo. Ang impormasyong ito ay hindi personal na tumutukoy sa

iyo at ginagamit para sa pangongolekta ng estadistika ng website. Ang impormasyong awtomatiko naming kinokolekta at iniimbak sa aming mga talaan tungkol sa iyong pagbisita ay nakakatulong sa amin na masuri ang aming website upang patuloy na mapabuti ang halaga ng mga available na babasahin. Ang aming mga talaan sa website ay hindi tinutukoy ang bisita nang ayon sa personal na impormasyon o personal na impormasyong kinolekta sa elektronikong paraan, at hindi namin tinatangkang ikonekta ang ibang mga website sa mga indibidwal na nagba-browse sa website ng estado.

Ipinagbabawal ng Government Code § 11015.5.(a)(6) ang lahat ng ahensya ng estado na magpamahagi o magbenta ng anumang personal na impormasyong kinolekta sa elektronikong paraan, gaya ng inilalarawan sa itaas, tungkol sa mga gumagamit sa anumang ikatlong partido nang walang pahintulot ng gumagamit. Ang estado ay hindi nagbebenta ng anumang "personal na impormasyong kinolekta sa elektronikong paraan." Ang anumang pamamahagi ng "personal na impormasyong kinolekta sa elektronikong paraan" ay para lamang sa mga layunin para kung saan ito ay ibinigay sa amin.

Ang estado ay maaaring magbigay o magpamahagi ng ilang partikular na listahan at ulat na pang-estadistika ng impormasyong panregulatoryo gaya ng nakasaad sa batas, ngunit walang impormasyon ang ibebenta o ipapamahagi, at ang lahat ng nauukol na legal na proteksyon ay naaangkop pa rin sa mga website ng estado.

## Pagsisiwalat sa publiko

Sa Estado ng California, umiiral ang batas upang matiyak na bukas ang pamahalaan at na ang publiko ay may karapatan na i-access ang mga naaangkop na rekord at impormasyong pag-aari ng pamahalaan ng estado. Sa parehong pagkakataon, may mga eksepsyon sa karapatan ng publiko na i-access ang mga pampublikong rekord. Ang mga eksepsyong ito ay pinaglilingkuran ang iba't ibang pangangailangan kabilang ang pagpapanatili ng pagkapribado ng mga indibidwal. Ang parehong mga batas ng estado at pederal na batas ay nagbibigay ng mga eksepsyon.

Ang lahat ng impormasyong nakolekta sa site na ito ay magiging pampublikong rekord na maaaring mapailalim sa inspeksyon at pagkopya ng publiko, maliban kung may umiiral na eksemsyon o pribilehiyo sa batas. Sakaling may pagsasalungat sa pagitan ng Kasunduan sa mga Kondisyon sa Paggamit at Public Records Act, ang Information Practices Act, o ang iba pang batas na namamahala sa pagsisiwalat ng mga rekord, ang Public Records Act, ang Information Practices Act, o iba pang naaangkop na batas ang mananaig.

## Personal na impormasyon

Sa ilalim ng Government Code § 11015.5., kung pipiliin mo, maaari mong ipaalis ang anumang personal na impormasyong kinolekta tungkol sa iyo nang hindi muling ginagamit o ipinamamahagi, sa kondisyon na nakipag-ugnayan sa amin sa oras. Gaya ng nakasaad sa itaas, hindi kami nangongolekta ng anumang personal na impormasyon sa webpage ng [abortion.ca.gov](abortion.ca.gov).

## Seguridad

Ang estado, bilang bumubuo at namamahala sa website na ito, ay gumawa ng ilang hakbang upang maprotektahan ang integridad ng imprastraktura at computer nito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa authentication, pagsubaybay, pag-audit, at encryption. Ang mga hakbang na panseguridad ay isinama sa disenyo, pagpapatupad, at pang-araw-araw na gawain ng buong kapaligiran sa pagpapatakbo ng estado bilang bahagi ng nagpapatuloy na pangako nito sa pamamahala ng panganib. Ang impormasyong ito ay hindi dapat maunawaan sa anumang paraan na gaya ng pagbibigay ng payong pangnegosyo, legal, o iba

pang payo, paggagarantiya bilang hindi pumapalya, seguridad ng impormasyong ibinibigay sa pamamagiran ng website na sinusuportahan ng estado. Ang mga teknikal na pamantayan na namamahala sa seguridad ay ipinapatupad ng Department of Finance.

## Mga link sa iba pang mga site

Ang aming website ay may mga link sa mga site na sa tingin namin ay maaaring makatulong sa iyo at maaaring magbigay ng mga serbisyo. Kapag kumonekta ka sa isa pang site, wala ka na sa aming site at napapailalim sa patakaran sa pagkapribado ng bagong site.

Ang Estado ng California ay walang inaakong responsibilidad para sa nilalaman o pagkamaa-access sa mga panlabas na website o panlabas na dokumentong naka-ugnay sa website na ito.

Ang website na ito at ang impormasyong nilalaman nito ay ibinibigay bilang pampublikong serbisyo ng Estado ng California. Ang sistemang ito ay sinusubaybayan upang matiyak ang tamang pagpapatakbo, upang maberipika ang paggana ng mga naaangkop na tampok na panseguridad, at para sa mga layunin ng paghahambing. Ang sinumang gumagamit ng sistemang ito ay hayagang pinahihintulutan ang naturang pagsubaybay. Ang mga hindi awtorisadong pagtatangkang baguhin ang anumang impormasyong naka-imbak sa sistemang ito, upang talunin o lusutan ang mga tampok na panseguridad, o upang gamitin ang sistemang ito para sa ibang paraan bukod sa mga nilalayong paggamit dito ay ipinagbabawal at maaaring magresulta sa kriminal na prosekyusyon.

## Limitasyon ng pananagutan

Sinusubukan ng estado na mapanatili ang pinakamahusay na pagkatumpak ng nilalaman ng website nito. Ang anumang mga pagkakamali o pag-alis ay dapat isumbong para maimbestigahan.

Ang estado ay hindi gumagawa ng mga pahayag, pangako, o garantiya tungkol sa lubos na pagkatumpak, pagkakumpleto, o pagkasapat ng mga nilalaman ng website na ito at hayagang itinatatuwa ang pananagutan sa mga pagkakamali at omisyon sa mga nilalaman ng website na ito. Walang anumang garantiya na ipinahihiwatig, ipinahahayag, o naaayon sa batas, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga garantiya sa hindi paglabag sa mga karapatan ng ikatlong partido, titulo, pagkamabebenta, pagiging akma para sa partikular na layunin, at kalayaan mula sa virus ng computer, ang ibinibigay kaugnay ng mga nilalaman ng website na ito o mga hyperlink nito sa iba pang mga sanggunian sa internet. Ang mga sanggunian o link na nasa website nito sa anumang mga partikular na komersyal na produkto, proseso, o serbisyo, o paggamit ng anumang pangalan ng kalakal, kumpanya, o propesyonal ay para sa impormasyon at kaginhawaan ng publiko, at hindi bumubuo ng pag-eendorso, rekomendasyon, o pagpapabor ng Estado ng California, o ng mga empleyado o ahente nito.

Ang Kasunduan nito sa mga Kondisyon sa Paggamit ay napapailalim sa pagbabago nang walang paunawa.

## Pagmamay-ari

Sa pangkalahatan, ang impormasyong iniharap sa website na ito, maliban kung isinaad sa ibang paraan, ay itinuturing na saklaw ng publiko. Maaari itong ipamahagi o kopyahin gaya ng pinahihintulutan ng batas. Gayunpaman, hindi gumagamit ang estado ng mga datos na may karapatang-ari (hal., mga litrato) na maaaring mag-atas ng mga karagdagang pahintulot bago ang iyong paggamit. Upang magamit ang anumang impormasyon sa website na ito na hindi pag-aari o ginawa ng estado kailangan mong direktang humingi ng pahintulot mula sa mga nagmamay-aring (may hawak) na mapagkukunan. Ang estado ay magkakaroon ng walang limitasyong karapatan sa paggamit para sa anumang layunin, na walang

anumang singil, na ang lahat ng impormasyon ay isusumite sa pamamagitan ng site na ito maliban sa mga pagsusumiteng iyon na ginawa sa ilalim ng hiwalay na legal na kontrata. Ang estado ay malayang magagamit, para sa anumang layunin, ang anumang mga ideya, konsepto, o teknik na nakapaloob sa impormasyong ipinagkakaloob sa pamamagitan ng site na ito.

Ang Estado ng California ay hindi nagmamay-ari, nagpapanatili o walang karapatan na muling bigyan ng lisensya ang pag-aaring California abortion finder, na inilisensya sa estado ng abortionfinder.org. Mangyaring makipag-ugnayan sa abortionfinder.org para sa anumang mga katanungan tungkol sa dataset nito.